Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG OKTUBRE 5, 2018 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL.

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. German S. Acosta | Pansamantalang Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Pangalawang Punong Bayan-**O.B.** |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay-**O.B.** |
| Kgg. Kim John Elco E. Cantos | SK Federation President-**O.B.** |

x-----------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 18-10-246

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA MGA NAULILA NI DATING KAGAWAD HELARION TAGALOG NG BARANGAY MILAGROSA**

"**SAPAGKAT,** ang pagpanaw ni G. Helarion Tagalog, dating Kagawad ng Barangay Milagrosa noong Setyembre 29, 2019 sa edad na 70 ay nagdulot ng kalungkutan at pangungulila sa kanyang pamilya;

"**SAPAGKAT,** siya ay nagsilbi sa Barangay Milagrosa bilang kagawad ng tatlong termino sa ilalim ng pamumuno ng dating Punong Barangay na si G. Juan L. Salas, Sr. na kung saan naging aktibong kaagapay ng Sangguniang Barangay sa pagpapatupad ng mga makabuluhang proyekto at programa na nagbigay ng kaunlaran at kaginhawahan sa kanilang mamamayan;

"**SAPAGKAT,** si dating Kagawad Tagalog ay nagsilbi rin bilang Barangay Tanod bago pa naging kagawad na nagpapatunay ng kanyang tapat na hangaring maglingkod sa abot ng kanyang kakayanan, nagtalaga ng sarili at naglaan ng panahon hindi para lang sa kanyang pamilya kung hindi sa buong Barangay Milagrosa;

"**SAPAGKAT,** ang kanyang pagyao ay lubhang masakit sa kanyang pamilya, kamag-anak at mga kaibigan na nagbigay ng matinding pighati at kalungkutan subalit para sa isang mananampalatayang kristiyano, ang pagpanaw sa mundong ito ay isang kagalakan sapagkat ito ay simula ng panibagong buhay kapiling ang Diyos na Siyang Makapangyarihan sa lahat;

**KUNG KAYAT DAHIL DITO . . .**

CamScanner

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa mga naulila ni dating Kagawad Helarion Tagalog ng Barangay Milagrosa;

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Dexter R. Gonzales, pinangalawahan ng lahat ng dumalo, ang kapasyahang ito ay…

**PINAGTIBAY"**: Oktubre 5, 2018, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x-----------------------------------------------------------------------------x

| | |
|---|---|
| **KGG. DEXTER R. GONZALES**<br>SB Member | **KGG. DENNIS M. FANER**<br>SB Member |
| **KGG. EDEZER F. ACERON**<br>SB Member | **KGG. GUILLERMO G. SALAS,JR.**<br>SB Member |
| **KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**<br>SB Member | **KGG. EDWIN C. ACERON**<br>SB Member |
| **KGG. TERESITA S. BANTUGAN**<br>SB Member | **KGG.TULAY M. CARING**<br>IP's Mandatory Representative |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member/
Pansamantalang Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 10/31/18

181008/PLP/jpc